Ang Kabataan at ang Ugat ng Kahirapan ng Inang Bayan

Wigberto E. Tañada
President
Philippine Rural Reconstruction Movement

Ang Kabataan at ang Ugat ng Kahirapan ng Inang Bayan

Wigberto E. Tañada
President
Philippine Rural Reconstruction Movement

PRRM CBLS
Philippine Rural Reconstruction Movement
Conrado Benitez Institute for Sustainability

Ang Kabataan at ang Ugat ng Kahirapan ng Inang Bayan

ISANG MAALAB NA PAGBATI SA ATING LAHAT! ISANG malaking kasiyahan ang makadaup-palad ang mga kabataang katulad ninyo at ng mga kasama kong laging sariwa ang pag-iisip katulad ni Tito Guingona!

Sa pagpasok ko dito sa kampus ng Letran, sa loob ng makasaysayang Intramuros, kaagad kong naalaala ang ating mga bayani laban sa kolonyalismong Kastila.

Di ba dito sa mga kampus sa Intramuros, sa hanay ng mga kabataang punung-puno ng idealismo, nabuo ang mga unang kaisipan ukol sa mga reporma para sa kolonya at ukol sa propaganda para sa mga reporma, na humantong sa usapin ng kalayaan para sa ating Inang Bayang Pilipinas?

Ngayon, sangdaang taon ang nakalipas, usapin pa rin ang kalayaan. Lugmok ang ating bayan sa utang, lugmok sa

PRRM CBLS Philippine Rural Reconstruction Movement Conrado Benitez Institute for Sustainability

kahirapan at nalulunod sa kawalan ng kabuhayan. Marami sa ating kabataan, kung di man lugmok sa droga, ay walang tiyak na patutunguhan katulad ng ilang mga karakter sa Meteor Garden. Marami ang nag-iisip kung paano mangingibang bayan matapos ang kanilang graduation.

Bakit? Bakit nagkaganito ang ating bayan – ang unang bayan sa Asya na nag-alsa laban sa dayuhang kolonyalismo? Bakit matapos ang anim na dekada ng Independence, magmula 1946, parang di umuusad ang ating bayan? Bakit ang Pilipinas, na pumapangalawa sa Hapon noong 1960s sa usapin ng industrial development sa Asya, ay isa sa mga kulelat sa ating rehiyon ngayon?

Kailangan po yata ng isang semestre para sagutin ang mga katanungang ito.

Subalit kami po sa Fair Trade Alliance (FTA) ay may ilang mga kasagutan.

Una sa lahat, wala pong bansang umuunlad na umaasa lamang sa mga dayuhan. Huwag na nating pag-usapan ang Amerika at Europa. Tingnan po ninyo ang Hapon, Tsina, Malaysia, Korea, Australia at maging Singapore. Lahat sila ay umunlad sa sarili nilang sikap at sakripisyo. Sa Hapon noong 1950s, sukat na sukat ang asukal at asin na matatanggap ng bawat isa. Nagsumikap silang ibangon ang ekonomiyang nagiba ng bombang Amerikano. At kahit na sila ay nasa ilalim ng isang American military commander, pinilit nilang itayo ang bagong industriyang Hapon. Hindi sila sumandig sa IMF at sa World Bank.

Tayo naman, magmula 1962, ay lumalim nang lumalim sa addiction sa utang – sa IMF, sa World Bank, sa ADB at iba pang mga dayuhang bangko. Lumalim din nang lumalim ang kanilang pakikialam sa ating mga patakarang pangkabuhayan. At sa halip ng bumuti ang kalagayan, lalo tayong nalugmok sa utang at kahirapan. Di ba mahigit na tayong apat na dekada sa ilalim ng superbisyon ng IMF? Di ba indikasyon ito na hindi umaandar ang kanilang mga ideya sa kabuhayan at kaunlaran?

Isa sa mga ideya nila sa kabuhayan at kaunlaran ay tuluy-tuloy at walang sagwil na liberalisasyon sa ekonomiya. Ni walang calibration. Nang sumali tayo sa World Trade Organization (WTO) noong 1994, isinabay natin ang pagbababa ng ating mga taripa sa mga dayuhang kalakal. Walang

PRRM CBIS
Philippine Rural Reconstruction Movement
Conrado Benitez Institute for Sustainability

negosasyon. Unilateral disarmament. Mula 20 per cent tungo sa 10 per cent tungo sa 5 per cent. Ano po ang nangyari? Bumaha ang mga imported. Naging sentro tayo ng ukay-ukay. Ang Divisoria ay naging bagsakan ng mga dayuhang kalakal. At nagbagsakan din ang ating mga sariling industriya – goma, textile, ceramics, battery, resin, chemical, plastic, at iba pa. Kasama sa pagbagsak ng mga industriya ay ang pagbagsak ng mga trabaho.

Ngayon, agrikultura naman ang binuksan at siyang tinatamaan. Bagsak ang bigas, bagsak ang mais, bagsak ang niyog, bagsak ang tabako, bagsak ang bawang, bagsak ang mga manukan, bagsak ang mga babuyan at pati gulay ay bumabagsak. Hindi na tayo agricultural producer kundi isang agriculture- importing country.

Sa kasamaang palad, ang ideya ng unilateral at one-sided liberalization ng ekonomiya ay sinusuportahan ng ilang mga ekonomistang Pilipino na nagdadasal lamang sa altar ng free trade o malayang kalakalan. Sa kanila, ang lahat ay usapin ng supply and demand. Hindi nila nakikita na may mga tao sa palengke at ang palengke ay hindi mabubuhay kung walang lipunan. Wala sila integradong vision of development para sa lipunan at kung paano ang palengke ay susuporta sa pag-unlad ng lipunan.

Dito malaki ang pagkakaiba ng pananaw ng FTA sa mga ekonomista ng IMF at World Bank at sa mga ekonomistang Pilipino na kung tawagin ay mga neo-liberal. Naniniwala kami na kailangan natin ang isang vision at isang plano para sa pagtatayo ng isang balanced at progressive national economy na may malakas na agro-industrial base. Dito kailangan ang isang henerasyon ng mga Pilipinong handang makipagsabayan sa kumpetisyon sa daigdig na may suporta ng kanilang pamahalaan. Dito kailangan ang bagong henerasyon ng mga entrepreneurs na makabayan na suportado ng mga makabayang researchers, iskolar at intellegentsia. Sa maikling salita, kailangan nating buhayin ang diwa ng economic nationalism, na siyang tanging gabay para makaahon tayong muli sa ating pagkalugmok sa kahirapan at sa utang. Kung hindi sila nagkakaisa at naniniwala sa sarili nilang lakas, uunlad ba ang Hapon, ang Tsina, Korea, Malaysia, Australia, Singapore at ngayon, Thailand at Vietnam?

Kaya sa forum na ito, balikan natin ang diwa ng economic nationalism at pag-usapan kung paano ito magiging batayan para sa panibagong pagsilang ng ating bayan. Maraming salamat.

P R R M – C B I S
Philippine Rural Reconstruction Movement
Conrado Benitez Institute for Sustainability